



FINDING Your Way[®] HANAPIN ang Iyong Daan

*Para sa mga taong may Alzheimer's,
ang bawat hakbang ay mahalaga.*

Mga locating device o aparato (para sa paghahanap)

Tatlo sa bawat limang taong may Alzheimer's at iba pang mga sakit na kaugnay nito ang mawawala sa isang punto at, kadalasan, ito ay walang babala. Ang balanse sa pagitan ng kalayaan at kaligtasan ay maselan. Dahil ang pagkawala ay nakapagdudulot ng pagkabahala at maaaring maging mapanganib, ang pagkakaroon ng isang planong pangkaligtasan ay makakapagpabilis sa paghahanap sa nawawalang taong may Alzheimer's o iba pang karamdamang kaugnay nito at nakakabawas sa maaaring maidulot na pinsala.

Maaaring isama sa planong pangkaligtasan ang paggamit ng mga locating device at pagrerehistro sa [MedicAlert® Safely Home®](#), o hindi kaya sa talaan ng mga "vulnerable person" na suportado ng iyong lokal na kapulisan o ng OPP.

May mga pakinabang at mayroon ding hindi magagandang epekto ang pagkakaroon ng mga locating device. May mga taong ang tingin sa pagkakaroon ng mga aparatong ito ay nakakatulong upang mapabuti ang lagay ng kanilang personal na kalayaan at kaligtasan habang nabibigyan ng kapayapaan ng isip ang kanilang mga tagapag-alaga. Para sa iba naman ay nililimitahan nito ang kanilang "privacy".

Ang paggamit ng locating device ay hindi dapat makabawas sa atensiyong ibinibigay sa pagbabantay ng isang taong may Alzheimer's o iba pang sakit na kaugnay nito.

Mahalagang ang mga taong babagong na-diagnose na may Alzheimer's o iba pang sakit na kaugnay nito ay magkaroon agad ng diskusyon kasama ang mga taong importante sa kanilang buhay. Ang isang bukas na diskusyon kasama ang lahat ng taong nagmamalasakit ay makakatulong sa paggawa ng desisyon. Maaari ring humingi ng suporta mula sa iyong lokal na Alzheimer Society.

Ang mga locating device ay tumutupad sa dalawang pangangailangan:

1. Para matunton ang isang taong nawawala
2. Para makapagbigay ng dagdag na kalayaan sa taong gustong lumabas nang mag-isa ngunit maaaring mawala



Para sa impormasyon kung paano maaaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Alzheimer Society, tumawag sa 2-1-1
Bumisita sa: FindingYourWayOntario.ca

Soci t  Alzheimer Society

Fundado por



Mga uri ng locating device

Araw-araw ay may lumalabas na bagong teknolohiya sa merkado.

Ang paraan ng paghahanap ay iba-iba ayon sa aparato:

- Ang iba ay umaasa sa mga tagapag-alaga na makatanggap muna ng tawag o alerto, pagkatapos nito ay mag-uumpisa na ang paghahanap
- Ang iba naman ay gumagamit ng kompyuter, telepono, cellphone, operator ng call centre o diretsong tumatawag sa pulis
- Ang iba ay nagpapadala ng alerto sa tuwing lumalagpas sa isang hangganan (isang naka-talaga ngunit nababagong “geo-fence”)

Uri ng locating device	Karaniwang tampok	Mga limitasyon	Mga aplikasyon
Global Positioning System (GPS)	• Gumagamit ng mga radio signal na galing sa mga satellite papunta sa mga electronic receiver para malaman ang lokasyon ng taong may suot ng transmitter — ilang metro mula rito • Umaasa sa baterya, ngunit gumagamit din ng kuryente, kompyuter, koneksyon sa internet, regular na serbisyo ng telepono, serbisyo ng cellphone at operator ng call centre	• Sadyang ginawa para gamitin sa labas ng bahay • Hindi nito kayang matunton ang eksaktong lokasyon • Hindi gagana sa ilalim ng mga tulay, sa loob ng mga gusali, sa ilalim ng lupa o sa ilalim ng tubig/dagat • Ang mga signal mula sa satellite ay madaling maapektuhan ng electrical interference, makakapal na halaman o puno, o mga matataas na gusali	• Nakakabit sa ibang mga modelo ng sasakyan • Ang iba ay gumagamit ng mga internet map para sa pagtunton • Ang iba naman ay pwedeng lagyan ng ligtas na hangganan (safe boundaries) na tinukoy ng gumagamit • Ang A-GPS (o assisted GPS) ay gumagamit ng isang ‘assistance server’ (isang tower ng cellular signal) para makabawas sa oras ng paghahanap



Uri ng locating device	Karaniwang tampok	Mga limitasyon	Mga aplikasyon
Radio Frequency (RF, Frequency Modulation or homing device)	• Nagpapadala ng mga radio signal para matunton ang eksaktong lokasyon ng nawawala • Umaasa sa baterya na maaaring tumagal ng hanggang 45 na araw • Gumagamit ng maraming receiver para matukoy ang eksaktong lokasyon na pinanggagalingan ng transmision • Gumagana sa mga masukal na lugar o loob ng mga gusali • Lumalakas ang mga signal habang lumalapit ang mga receiver sa transmitter • Ang signal na nakatalaga para sa aparato ay isang radio frequency na natatangi para sa transmitter (halimbawa sa taong nagsusuot ng device)	• Maaaring hindi lalagpas sa 5 kilometro ang layo na kaya nitong abutin	• Ang Project Lifesaver[®] ay isang programang suportado ng OPP at iba pang mga rehiyonal na serbisyo ng pulisya • Isang wristband na isinusuot ng taong may posibilidad na mawala

Uri ng locating device	Karaniwang tampok	Mga limitasyon	Mga aplikasyon
Cell phone	• Ang mga gumagamit nito ay kayang i-activate ang locating system sa pamamagitan ng pagtawag sa 911 • Pinapahintulutan ng cellphone ang pagkakaroon ng 2-way communication	• Nakadepende sa taong nagdadala ng cellphone at sa kaalamanniya kung paano at kailan itogagamitin • Nakadepende sa pagkakaroon ng cellular signal • Ang mga mas bagong modelo ng cellphone lamang ang mayroon nito	• Mga mas makabagong teknolohiya tulad ng mga iPad, iPhone, o smart phone

Pagpili ng locating device

Isaalang-alang ang mga sumusunod sa pagdedesisyon kung anong uri ng locating device ang higit na tutugon sa inyong mga pangangailangan:

Saan mas madalas na gagamitin ang locating device?

- | | | |
|--|--|--|
| ☐ Sa inyong tahanan | ☐ Sa labas ng bahay | ☐ Sa isang pasilidad ng pangagalaga (care facility) |
| ☐ Sa loob ng bahay | ☐ Maraming lokasyon | |

Saan maaaring magkaroon ng paghahanap?

- | | | |
|--|---|--|
| ☐ Sa loob ng isang gusali | ☐ Sa labas ng bahay | ☐ Sa siyudad/lungsod |
| ☐ Rural | ☐ Masukal o mapunong lugar | ☐ Sa isang bukas o malawak na espasyo |
| ☐ Malapit sa tubig | | |



FINDING Your Way[®]
HANAPIN ang Iyong Daan

*Para sa mga taong may Alzheimer's,
ang bawat hakbang ay mahalaga.*

Aling mga aparato ang pinakabagay sa mga kapaligirang ito?

Gaanong kalayaan ng pagkilos ang pahihintulutan nito?

Kung kinakailangan, magagamit ba ito ng taong may Alzheimer's o iba pang sakit na kaugnay nito?

Sino ang magbabantay o maghahanap?

- ☐ Pamilya
- ☐ Caregiver o tagapag-alaga
- ☐ Isang ahensya/organisasyon

Mga partikular na bagay na dapat isaalang-alang

Para sa taong maaaring mawala:

- ☐ Kailangan bang ikabit sa o dalhin ng taong may Alzheimer's o sakit na kaugnay nito ang aparato?
- ☐ Kaya ba ng tao na pagtiyagaang isuot palagi ang teknolohiyang ito?
- ☐ Mahalaga ba ang itsura ng teknolohiya? Halimbawa, laki, bigat, kabuuang itsura?
- ☐ Makakatulong ba ang "help/call" button?
- ☐ Kailangan bang tukuyin ng tao ang kanyang sariling lokasyon?

Para sa (mga) tagapag-alaga:

- ☐ Sino ang kailangang maghanap/ tumunton sa taong nawawala? Halimbawa: tagapag-alaga, ahensya, call centre, pulis?
- ☐ Kailangan ba ng "2-way communication" sa pagitan ng naghahanap at ng taong nawawala?
- ☐ Gaano kadalang pangalagaan ang aparato? Halimbawa, paglilinis, pag-charge sa baterya?



FINDING Your Way[®]
HANAPIN ang Iyong Daan

*Para sa mga taong may Alzheimer's,
ang bawat hakbang ay mahalaga.*

- ☐ Kailangan ba ng espesyal na kakayahan/kaalaman/pagsasanay para magamit ang aparato?
- ☐ Kailangan ba ng tagapag-alaga na magkaroon ng kaalaman tungkol sa nakapaligid na lugar? Kailangan din ba ng mapa?
- ☐ Kaya ba ng sistemang bumagay sa mga nagbabagong pangangailangan? Halimbawa kapag nagbabakasyon?

Mga teknikal o pangserbisyong isyu ng mga locating device:

- ☐ Gaano mo maaasahan ang teknolohiyang ito? Ito ba ay nasuri o nasubukan na ng isang kilalang ahensya?
- ☐ Ang aparatong ito ba ay ineendorso/sinusuportahan ang kapulisan?
- ☐ Ang aparatong ito ba ay gagana kapag ito ay
 - o Nakalubog sa tubig?
 - o Lagpas sa sakop na layo?
 - o Malayo mula sa isang naitakdang lugar o nasa labas ng gusali?
- ☐ Ang aparatong ito ba ay magbibigay-alarma kapag ang tao ay
 - o Tinanggal ang aparato?
 - o Nahulog?
 - o Malapit sa tubig o dagat?
 - o Nakalubog sa tubig?
 - o Lagpas sa lugar na sakop nito?
 - o Malayo mula sa isang naitakdang lugar o nasa labas ng gusali?



FINDING Your Way[®]
HANAPIN ang Iyong Daan

*Para sa mga taong may Alzheimer's,
ang bawat hakbang ay mahalaga.*

- ☐ Mayroon ba ang device na
 - o Isang “panic button”?
 - o Kapabilidad ng “2 -way communication”?
- ☐ Matibay ba ang aparato?
- ☐ Kailangan ba nito ang ibang kasangkapan tulad ng kompyuter, internet o cellphone para mapagana?
- ☐ Madali bang tanggalin sa katawan ang aparato at maaari ba itong mawala o makalimutan ng taong may suot nito?
- ☐ Mayroon bang “trial period” para masubukan ito?
- ☐ Gaano kahaba ang “warranty period” nito?
- ☐ Ano ang sakop ng “warranty”?
- ☐ Mayroon ba itong polisa na nagsasabing maaari itong palitan para maipa-upgrade ayon sa mga pagbabago ng mga pangangailangan o kapag may bagong labas na teknolohiya?
- ☐ Mayroon bang iba pang locating device na maaari nilang agad na ipahiram kung kinakailangan?
- ☐ Tanggap ba ng taong gagamit nito ang naturang aparato?



FINDING Your Way[®]
HANAPIN ang Iyong Daan

*Para sa mga taong may Alzheimer's,
ang bawat hakbang ay mahalaga.*

Mga isyung pinansyal:

- ☐ Magkano ang halaga ng aparato?
- ☐ Mayroon ba itong “operating fee” tulad ng mga buwanang bayad sa paggamit ng serbisyo o bayad sa pagkumpuni nito?
- ☐ May bayad ba ang pagpapalit ng baterya?
- ☐ Saklaw ba ito ng anumang mapagkukunan ng pondo? Halimbawa, health insurance, mga charity/service club, mga programang sosyal ng pamahalaan?

Mga pinagkunan ng impormasyon

1. McMaster University, School of Rehabilitation Science (2006). *The Locating Technology Project. Locating Technology for People Who are at Risk of Wandering: Tips for consumers.*
2. Alzheimer Society of Canada, *Safely Home® Program.*



Para sa impormasyon kung paano maaaring makipag-ugnayan
sa iyong lokal na Alzheimer Society, tumawag sa **2-1-1**
Bumisita sa: FindingYourWayOntario.ca

Soci  t  Alzheimer Society

Fundado por

